# Sa tingin ba ninyo kung sakaling may isang ilog sa tabi ng pinto ng isa sa inyo, na naliligo siya mula rito sa bawat araw nang limang ulit, magsasabi ka bang iyon ay magtitira pa mula sa karumihan niya?

Ayon kay Abū Hurayrah (malugod si Allāh sa kanya): {Siya ay nakarinig sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Sa tingin ba ninyo kung sakaling may isang ilog sa tabi ng pinto ng isa sa inyo, na naliligo siya mula rito sa bawat araw nang limang ulit, magsasabi ka bang iyon ay magtitira pa mula sa karumihan niya?" Nagsabi sila: "Hindi po iyon magtitira mula sa karumihan niya ng anuman." Nagsabi siya: "Kaya iyon ay tulad ng limang ṣalāh: nagpapawi si Allāh sa pamamagitan ng mga ito ng mga kasalanan."}

[Tumpak] [Nagkasang-ayon sa katumpakan nito]

Nagwangis ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) sa limang ṣalāh sa bawat araw at gabi sa pag-aalis ng mga ito at pagtatakip-sala ng mga ito sa maliliit sa mga pagkakasala at mga pagkakamali sa isang ilog sa tabi ng pinto ng tao, na naliligo siya mula rito sa bawat araw nang limang ulit kaya walang natitira mula sa karumihan niya at pagkamarumi niya na anuman.



النجاة الخيرية
ALNAJAT CHARITY
لجنة الدعوة الإلكترونية
EDC E-Da'wah Committee